

www.iceoutofca.org.

Upang magreport ng anumang mga paglabag nitong bagong batas o para sa dagdag na impormasyon Mag-iwan ng mensahe sa 1-844-878-7801 o bumisita sa

ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATANI!



PAANO KA MAPROTEKSYUNAN NG “SANCTUARY STATE LAW”

Ang California Values Act o SB 54 kung minsang tinatawag na “Sanctuary State Law” ay isang bagong batas ng estado na nagbibigay ng limitasyon sa mga pulis at sheriffs na gampanin ang tungkulin bilang mga ahente ng deportasyon. Alamin ang inyong mga karapatan!

ANG MGA PULIS AT SHERIFFS AY:

- **Hindi** dapat magtanong hinggil sa iyong immigration status
- **Hindi** maka-aresto sa iyo ng dahil lamang sa deportation order o karamihan sa mga paglabag sa immigrasyon
- **Hindi** makagamit ng mga tauhan ng ICE o border patrol agents bilang tagasalin.
- **Hindi** makabahagi ng iyong mga personal na impormasyon, gaya ng iyong tirahan maliban kung ito ay nakukuha sa pampublikong impormasyon.

KUNG ARESTUHIN KA NG LOKAL NA PULIS O SHERIFFS, SILA AY:

- **Hindi** makapigil sa iyo sa kulungan ng higit sa dapat na panahon upang damputin ng tauhan ng immigrasyon
- **Hindi** nila dapat hayaang imbestigahin ka ng mga tauhan ng immigrasyon ng walang nakasulat na pahintulot galing sa iyo. May karapatan kang tanggihang sagutin ang kanilang mga tanong at tumahimik.
- **Hindi** makabigay alam sa mga tauhan ng immigrasyon kung kailan ka pakawalan o ilipat sa kanilang pagpipigil subalit may ilang pagpaliban.
 - Ang mga local na tagapagsunod ng batas ay maaring pumili na ipagbigay alam ang iyong paglaya o ilipat ka sa kapangyarihan ng ICE o border patrol kung ikaw ay may ilang hatol sa hukuman ng estado gaya ng:
 - State prison felony convictions
 - Karamihan sa mga iba pang felony convictions sa loob ng 15 taon
 - Higher level misdemeanors sa loob ng 5 taon(Subalit ang lokal na maykapangyarihan ay maaring pumasa ng mas malakas na mga patakaran na may kukunting pagpaliban, upang maproteksyonan ang pag-iiral ng batas para sa lahat.)
- Maaring ibigay alam ng local na autoridad ang panahon ng iyong paglaya sa immigrasyon kung ang impormasyon ay alam na ng publiko.
- Kung magpasiya ang local na autoridad na ibigay alam sa immigrasyon o ilipat ka sa kanilang pagpipigil kailangang magbigay sila ng paunang abiso at kopya ng hiling ng ICE o border patrol. Ito ay makakatulong para masimulan mo ang pagtanggol sa iyong kaso.

ANG MGA OPISYALES NG KULUNGAN NG ESTADO:

- **Hindi** maaring hayaan na interbyuhin ka ng mga tauhan ng immigrasyon ng walang nakasulat na pahintulot galing sa iyo.
- **Hindi** makapigil sa iyong pagtamasa ng mga programa sa reabilitasyon at pang edukasyon.
- **Hindi** nila dapat isipin ang iyong immigration status sa pagpasiya tungkol sa iyong klasipikasyon.

Tandaan! Ikaw ay may karapatan sa lahat ng oras na tumahimik. Kung ikaw ay nakikipag-usap sa harap o sa mga may kapangyarihan ang anumang sasabihin mo ay maaaring gamitin laban sa iyo – huwag sabihin tungkol sa iyong immigration status, citizenship, kailan o paano ka nakarating sa America o kung taga saan ka.

Ang mga nilalaman nito ay hindi inilalaan na payong legal.